3

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan-Modyul 5: Ilang Simbolo at Sagisag na Nagpapakilala sa Iba't Ibang Lalawigan ng Rehiyon




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_AP3_ Module 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 5: Ilang Simbolo at Sagisag na Nagpapakilala sa Iba't Ibang Lalawigan ng Rehiyon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Lilian Guia B. Burgos

**Editor:** Mailen D. Cabillan, Marilyn Madera

**Tagasuri:** Archie E. Año, Romeo A. Mamac, Menard M. Arenas, Alemer O. Veloso

**Tagaguhit:** Cris A. Aquino, Norvin A. Aquino, Aiza Lou A. Bernaldez, Cherrie Mae Caduyac, Jules Bernard Guinita, Edieson John C. Mag-aso, Sharon C. Marimon, Ryan Padillos, Nylle Emand D. Silayan

**Tagalapat:** Alpha Amor G. Manglicmot, Patrick John P. Peresores, Melanie Mae N. Moreno

**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, Mary Jeanne B. Aldeguer, Analiza C. Almazan, Danilo R. Dohinog, Ma. Cielo D. Estrada, Nelson C. Lopez, Cheerylyn A. Cometa, Christopher P. Felipe, Leonora Liza D. Dacillo, Alicia I. Ayuste

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________
**Department of Education – Region XI**
Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan-Modyul 5: Ilang Simbolo at Sagisag na Nagpapakilala sa Iba't Ibang Lalawigan ng Rehiyon

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# *Alamin*

Ang mga lalawigan ng ating rehiyon ay nagtataglay ng mga simbolo at sagisag na nagpapakilala rito. Bawat simbolo at sagisag ay itinuturing na napakahalagang bagay para sa mamamayan ng isang lugar. Mahalagang malaman mo ang ilan sa mga simbolo at sagisag ng iba't ibang lalawigan, lungsod, o bayan sa kinabibilangang rehiyon.

Sa araling ito, makikilala mo rin ang mga pinahahalagahan at mga itinuturing na yaman na inilalarawan ng bawat simbolo sa mga sagisag ng mga lalawigan.

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang:

- naihahambing ang ilang simbolo at sagisag na nagpapakilala ng iba't ibang lalawigan o lungsod sa rehiyon (AP3KLR- IIf-5).

## *Subukin*

Piliin at isulat ang titik ng wastong sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ilang lalawigan ang bumubuo sa Davao Region?
   A. 3
   B. 4
   C. 5
   D. 6

2. Aling lalawigan ang gumagamit ng simbolong Gold Bar?
   A. Davao del Sur
   B. Davao de Oro
   C. Davao Oriental
   D. Davao Occidental

3. Ano ang kahulugan ng kulay **azure blue** sa sagisag ng Davao Oriental?
   A. kagitingan
   B. kalayaan
   C. kalinisan
   D. katabaan

4. Anong simbolo ang kadalasang nakikita sa halos lahat ng sagisag ng mga bumubuong lalawigan sa Davao Region?
   A. gusali
   B. punongkahoy
   C. sasakyang pandagat
   D. tulay

5. Alin sa nga sumusunod ang HINDI tumutukoy sa kahalagahan ng pagkakaroon ng simbolo at sagisag ng bawat lalawigan?
   A. makilala ang kabuoan ng lalawigan
   B. maipakita ang saganang pinagkukunang yaman
   C.maipagmalaki ang katangian ng bawat lalawigan
   D. malaman ang kasalukuyang katayuan ng mga lalawigan

| Aralin 1 | Ilang Simbolo at Sagisag na Nagpapakilala sa Iba't Ibang Lalawigan ng Rehiyon |
|---|---|

Ang Davao Region ay binubuo ng limang lalawigan na kinabibilangan ng: Davao de Oro, Davao del Norte, Davao del Sur, Davao Occidental at Davao Oriental. Sa araling ito, matutuhan na ang mga lalawigang ito ay nagtataglay ng sari-sariling simbolo at sagisag na magpapakilala sa kanilang kasarinlan, kultura, pamumuhay, at paniniwala.

Sa araling ito, mapag-aaralan mo rin ang mga nakapaloob sa bawat opisyal na tatak sa bawat lalawigan at kung bakit piling-pili lamang ang inilagay. Matututuhan mo rin ang pagkakaiba ng mga simbolo sa iyong lalawigan at karatig lalawigan. Bakit kaya nagkakaiba ang mga ito? Bakit kaya hindi na lang pareho ang mga simbolong ilalagay?

## Balikan

Sa nakaraang aralin, natalakay ang ilan sa mga natatanging simbolo at sagisag ng bawat lalawigan sa rehiyon. Dito, tatalakayin ang kahulugan ng iba't ibang simbolo na makikita sa ating opisyal na sagisag maging sa mga karatig lalawigan.

Balikan ang ilan sa mahahalagang konseptong natutuhan sa nagdaang aralin. Punan ang patlang ng wastong titik upang mabuo ang tinutukoy na simbolo. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. a l _ n — Tubig na nakapalibot sa lalawigan
2. t _ _ _ — Tanda ng mayamang lamang dagat
3. _ i _ _ _ — Pangunahing produkto ng lalawigan
4. l _ n _ _ a _ — Katabaan ng lupa sa lalawigan
5. a _ _ r _   _ _ u _ — Simbolo ng kalangitan at kalayaan

## *Tuklasin*

Nais mo bang malaman ang iba't ibang simbolo at sagisag ng mga lalawigan sa iyong rehiyon? Narito ang mga simbolo at sagisag nito. Pagmasdan at kilalanin ang mga ito. Ganito rin ang gagawin mo sa pagkilala sa mga simbolo ng karatig lalawigan.

Ano ang mga katangian ng bawat lalawigan sa iyong rehiyon? Ano ang mga nakikitang simbolo sa bawat sagisag ng lalawigan? Basahin ang kuwento ni Bea sa kaniyang makabuluhang paglalakbay-aral kasama ang kaniyang mga kaklase at guro.

### Lakbay-Aral ni Bea

Isang umaga, araw ng Sabado, masayang naghahanda si Bea para sa kanilang lakbay-aral sa araw na iyon. Maaga siyang nagtungo sa kanilang paaralan kung saan inaasahang magtatagpo sila ng kaniyang mga kamag-aral at guro.




Talagang hindi maiiwasan ang kanilang pananabik sapagkat sila ay tutungo sa iba't ibang kilalang pook sa lalawigan. Kabilang sa kanilang pupuntahan ang **Eden Nature's Park, People's Park, Malagos Garden Resort at Davao Museum**.


Sadyang nakatutuwa ang kanilang lakbay aral sa Davao Museum, marami rin siyang natutuhan lalo na sa kultura at kabihasnan ng rehiyon. Natuwa si Bea sa paglalakad sa loob at nakikita niya ang iba't ibang simbolo at sagisag ng mga lalawigan ng rehiyon. Nalaman niya na may iba't ibang sagisag at simbolo pala na nagpapakilala sa mga lalawigan ng rehiyon. Nasabi niya na sadyang makabuluhan ang araw na iyon.

# *Suriin*

Suriin ang sagisag ng mga lalawigan sa iyong rehiyon at sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Anong lalawigan kaya ang may magkatulad na simbolo?
2. Ano-ano naman ang kahulugan ng bawat simbolong ito?

| Sagisag | Simbolo | Kahulugan |
|---|---|---|
|   |  | Sa bisa ng Republic Act 11297, naaprobahan ang pagpapalit ng pangalan ng lalawigan mula Compostela Valley, ito ay naging Davao de Oro. Ang Gold Bar ay sumisimbolo sa pagiging sagana sa yamang mineral ng lalawigan. |
|   |  | Ang sagisag ng Davao del Norte ay may mga simbolo na katulad sa iba pang mga lalawigan. Makikita rito ang niyog, saging, at luntiang puno na nagpapakilala sa yamang agrikultural. |

| | | |
|---|---|---|
|   |  | Ang mais, isda, niyog, palay, de-lata, at bangka ay sumisimbolo sa pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan sa lalawigan. Ang mga bituin ay sumisimbolo sa sampung mga munisipyo. |
|   |  | Sa sagisag ng Davao Occidental ang tulay ay sumisimbolo ng pagkakaugnay ng bawat bayan kahit may namagitang bundok at dagat. Sumisimbolo ang mga daan sa pagiging progresibo ng lalawigan. |
|   |  | Ang mga kulay sa sagisag ng Davao Oriental ay may iba't ibang kahulugan din. Kulay bughaw, puti at pula ang sumisimbolo sa pagiging Pilipino. Ang luntian ay nagpapahiwatig ng katabaan ng lupain at ang azure blue ay kalayaan. |

1. Ang Rehiyon XI ay binubuo ng limang lalawigan. Ito ang lalawigan ng Davao de Oro, Davao del Norte, Davao del Sur, Davao Occidental at Davao Oriental.

2. Ang bawat lalawigan ay may natatanging simbolo at sagisag na nagpapakilala rito. Ang mga ito ay hugis bilog.

3. Ang Gold Bar ay sumisimbolo sa pagiging sagana sa yamang mineral ng lalawigan ng Davao de Oro. Ang dalawang bundok naman ay sumisimbolo sa pagkakabuklod ng dalawang distrito. Ipinapakita sa sagisag nito ang pagiging sagana ng lalawigan sa pinagkukunang yaman.

4. Ang sagisag ng Davao del Norte ay may mga simbolo na maihahalintulad sa iba pang lalawigan. Makikita rito ang niyog, saging, luntiang puno na nagpapakilala sa yamang agricultural.

5. Ang simbolo ng mais, isda, niyog, palay, at Bangka ay nagpapakita ng pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan sa lalawigan ng Davao del Sur. Ang labintatlong bituin naman ay sumisimbolo sa munisipyo nito.

6. Sa sagisag ng Davao Occidental, ang tulay ang sumisimbolo sa pagkakaugnay ng bawat bayan kahit may namagitang bundok at dagat. Ito rin ay sumisimbolo sa pagiging progresibo ng lalawigan.

7. Ang kulay sa sagisag ng Davao Oriental ay may kahulugan din. Ang kulay bughaw, puti, at pula ay sumisimbolo sa pagiging Pilipino, samantalang ang luntian ay nagpapahiwatig ng katabaan ng lupain, ang azure blue naman ay tanda ng kalayaan.

8. Ang sagisag at simbolo ay mahalaga sa isang lalawigan sapagkat ito ang nagpapakilala sa mamamayan nito.

# Pagyamanin

**Gawain A:** Tingnan ang **Word Puzzle** sa ibaba. Hanapin ang sampung (10) simbolo na makikita sa opisyal na sagisag sa mga lalawigan ng Davao Region.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | N | O | Y | C | H | W | B | A | N |
| B | I | S | D | A | I | R | U | B | B |
| C | Y | P | A | D | S | S | N | C | I |
| G | O | L | D | B | A | R | D | D | T |
| D | G | Q | B | L | G | I | O | E | U |
| T | H | R | M | A | I | S | K | F | I |
| U | I | S | C | G | N | G | O | G | N |
| L | J | T | D | H | G | B | L | H | O |
| A | K | U | E | D | W | E | K | I | P |
| Y | L | V | D | A | G | A | T | J | Q |
| E | M | W | F | A | G | U | H | K | R |
| F | N | X | G | N | D | Y | T | L | S |
| P | A | L | A | Y | S | O | U | M | T |

**Gawain B:** Tingnang mabuti ang opisyal na sagisag ng bawat lalawigan sa Davao Region. Ano-ano ang iyong makikita rito? Lagyan ng tsek (/) ang kulom ng lalawigan kung mayroon nito. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.


| Simbolo | Davao de Oro | Davao del Norte | Davao del Sur | Davao Occidental | Davao Oriental |
|---|---|---|---|---|---|
| isda | | | | | |
| daan | | | | | |
| araw | | | | | |
| niyog | | | | | |
| kahoy | | | | | |
| dagat | | | | | |
| saging | | | | | |
| bundok | | | | | |
| pabrika | | | | | |
| gold bar | | | | | |

1. Ano-anong lalawigan ang may magkakatulad na simbolo?
2. Bakit kaya ito magkakatulad?
3. Ano-anong lalawigan naman ang nagkakaiba?
4. Bakit kaya nagkakaiba ang mga simbolong ito?

**Gawain C:** Balikan ang mga simbolong nakapaloob sa bawat lalawigan. Tingnan at suriin itong mabuti. Pagkatapos, isulat ito sa kulom kung saan ito ay makikita. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

| Lalawigan | Tubig | Lupa |
|---|---|---|
| Davao de Oro | | |
| Davao del Norte | | |
| Davao del Sur | | |
| Davao Occidental | | |
| Davao Oriental | | |

**Gawain D:** Pumili ng dalawang lalawigan na napabilang sa Davao Region at tukuyin ang pagkakatulad at pagkakaiba nito gamit ang Venn Diagram sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.



## *Isaisip*

Batay sa iyong nabasa tungkol sa iba't ibang simbolo ng mga lalawigan ng Davao Region, sagutin ang sumusunod na mga katanungan. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang mga simbolo na nakikita sa sagisag ng bawat lalawigan? May pagkakaiba at pagkakahawig ba ito?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ano ang kahulugan ng bawat simbolo?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Ano ang kaugnayan ng mga simbolo sa katangian ng mga tao, pamumuhay at likas na yaman sa bawat lalawigan?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

## *Isagawa*

Sa iyong kuwaderno, gumuhit ng isang simbolo na gusto mong maisama sa sagisag ng kinabibilangang lalawigan. Pangatwiranan ito.

# *Tayahin*

Piliin at isulat ang titik ng wastong sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang sumisimbolo sa mga munisipyo na bahagi ng Davao del Sur?
   A. bituin
   B. bundok
   C. dahon
   D. isda

2. Anong simbolo ang nagpapakita ng pagiging progresibo ng Davao Occidental?
   A. bituin
   B. daan
   C. palay
   D. tulay

3. Ano ang ipinahiwatig sa pagkakaroon ng simbolo ng puno sa sagisag ng Davao del Norte at Davao del Sur?
   A. paglalahad ng sagang agrikultura
   B. pagkakaroon ng malawakang yamang dagat
   C. pagpapakita ng maraming mapagkakakitaan
   D. pagkakaroon ng magandang kapaligirang pisikal


4. Alin sa sumusunod na simbolo ang naglalarawan sa mga lalawigan ng Davao de Oro at Davao del Norte bilang sagana sa pinagkukunang yaman?
   A. araw
   B. daan
   C. ibon
   D. punongkahoy

5. Bakit halos lahat ng sagisag ng mga lalawigan sa Davao ay kakikitaan ng iba't ibang mga produkto?
   A. mayaman sa agrikultura ang rehiyon
   B. malawak ang nasasakupan ng rehiyon
   C. natatangi ang mga produkto mula sa rehiyon
   D. marami ang mga mayayamang tao sa rehiyon

# *Karagdagang Gawain*

Tingnan ang mga sumusunod na simbolo at ipaliwanag ang kahulugan ng bawat isa. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1.




2.



Source: https://www.pikist.com/free-photo-vzoqn

3.




4.



Source:https://www.pinterest.ph/pin/
364439794817528823/

5.



# Susi sa Pagwawasto

**Tayahin**

1.A
2.D
3.D
4.D
5.A

**Pagyamanin- Gawain C**

| Lalawigan | Tubig | Lupa |
|---|---|---|
| Davao de Oro | Isda | Niyog |
| Davao del Norte | Isda | Saging |
| Davao del Sur | Bangka | Palay |
| Davao Occidental | Dagat | Bundok |
| Davao Oriental | Isda | Kahoy |

**Pagyamanin- Gawain B**

| Simbolo | DDO | DDN | DDS | DOC | DOR |
|---|---|---|---|---|---|
| isda | / | / | / | / | / |
| daan | / | | / | / | / |
| araw | / | / | | | / |
| niyog | / | / | / | / | / |
| kahoy | | / | / | / | / |
| dagat | / | / | / | / | / |
| saging | / | / | | | |
| bundok | / | / | / | / | / |
| pabrika | / | | / | / | |
| gold bar | / | | | | |

Subukin

1. A
2. B
3. B
4. B
5. D

**Balikan**

1.alon
2. tuna
3. niyog
4. luntian
5. azure blue

**Pagyamanin- Gawain A**

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | N | O | Y | C | H | W | B | A | N |
| B | I | S | D | A | I | R | U | B | B |
| C | Y | P | A | D | S | S | N | C | I |
| G | O | L | D | B | A | R | D | D | T |
| D | G | Q | B | L | G | I | O | E | U |
| T | H | R | M | E | I | S | K | F | I |
| U | I | S | C | G | N | G | O | G | N |
| L | J | T | D | H | G | B | L | H | O |
| A | K | U | E | D | W | E | K | I | P |
| Y | L | V | D | A | G | A | T | J | Q |
| E | M | W | F | M | G | U | H | K | R |
| F | N | X | G | N | D | M | A | I | S |
| P | A | L | A | Y | S | O | U | M | T |

# *Sanggunian*

Antonio, D., Banlaygas E. and Lagarto J. 2015.Kayamanan: Rehiyon ng Davao.p.121, Rex Bookstore.

Amboni, Ma. Lynie R.,et.al. 2019. Araling Panlipunan: Rehiyon XI-Rehiyon ng Davao.p.212-213, Studio Graphics Corp.

"Bangus Harvest #Dagupancity #Philippines: Philippines Culture, Philippines, Image of Fish." Pinterest, August 30, 2020. https://www.pinterest.ph/pin/364439794817528823/.

"Bars_Of_Gold_Money_Coloring Page: Wecoloringpage." Coloring Home Pages, 2020. https://coloringhome.com/coloring-page/1839907.

"Republic Act 11297." Official Gazette, 2020. https://www.officialgazette.gov.ph/downloads/2019/04apr/20190417-RA-11297-RRD.pdf.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph